

Impormasyon para sa Mga Empleyado tungkol sa Mga Oras ng Trabaho at Bayad sa Overtime

Pagtatatuwa: Binuo ang sangguniang ito upang tulungan ang mga empleyado at employer na maunawaan ang ilan sa pinakamababang karapatan at obligasyong nakatakda sa ilalim ng Batas ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Act, ESA), 2000 at mga regulasyon. Hindi ito legal na payo. Hindi ito ginawa upang palitan ang ESA o ang mga regulasyon at dapat palaging banggitin ang opisyal na bersyon ng batas. Bagama't nagsisikap kami upang matiyak na napapanahon at tumpak hangga't maaari ang impormasyong nakasaad sa sangguniang ito, nagkakaroon ng mga pagkakamali paminsan-minsan. Pinakamababang pamantayan lang ang ibinibigay ng ESA. Maaaring magkaroon ang ilang empleyado ng mas maiinam na karapatan sa ilalim ng isang kontrata sa trabaho, kolektibong kasunduan, karaniwang batas o iba pang batas. Maaaring humingi ng legal na payo ang mga employer at empleyado.

Ang mga ito ang mga karaniwang alituntunin sa Ontario tungkol sa mga oras ng trabaho at bayad sa overtime. May mga pagbubukod at espesyal na alituntunin para sa ilang empleyado sa ilalim ng [Batas ng Mga Pamantayan sa Trabaho \(Employment Standards Act, ESA\), 2000](#). Upang malaman kung saklaw ang trabaho mo o ang industriyang iyong pinagtatrabahuan ng mga espesyal na alituntunin o pagbubukod, tingnan ang Gabay sa Mga Espesyal na Alituntunin at Pagbubukod ng Mga Pamantayan sa Trabaho (Guide to Employment Standards Special Rules and Exemptions) na makikita sa [Ontario.ca/ESAtools](#).

Hindi ka maaaring takutin, sisantehin, suspindihin, kaltasan, o parusahan sa anumang paraan ng iyong employer, o kahit pagbantaan lang na gawin sa iyo ang alinman sa mga pagkilos na ito, dahil sa paggamit mo sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA.

Mga oras ng trabaho

Ang pinakamahabang limitasyon sa oras ng trabaho kada araw at kada linggo ay:

- 8 oras kada araw (o ang bilang ng oras sa regular na araw ng trabaho mo, kung mahigit sa 8 oras ito),
- 48 oras kada linggo.

Mga oras ng pahinga at oras ng pagkain

Dapat kang bigyan ng iyong employer ng kahit:

- tuloy-tuloy na 11 oras na pahinga kada araw (ang isang “araw” ay binubuo ng 24 na oras – hindi kailangang sundin ang araw sa kalendaryo);
- 8 oras na pahinga sa pagitan ng mga shift (maliban na lang kung ang kabuuang oras na tinrabaho sa mga shift ay 13 oras pababa, o may iba kayong napagkasunduan ng iyong employer sa kasulatan o elektronikong paraan; at
- tuloy-tuloy na 24 na oras na pahinga kada linggo ng trabaho (o tuloy-tuloy na 48 oras na pahinga kada dalawang linggo ng trabaho).
- Dapat ka ring magkaroon ng 30 minutong oras ng pagkain pagkatapos ng hindi lalampas sa limang oras ng trabaho. Maaari kang makipagkasundo sa iyong employer na hatiin ang oras ng pagkain na ito sa dalawang mas maikling break.

Bayad sa overtime

Para sa bawat oras na tatrabahuhin mo na lampas sa 44 na oras kada linggo, dapat kang bayaran ng iyong employer ng kahit 1½ beses na mas mataas sa regular na rate ng sweldo mo (“oras at kalahati”). Maaari ka ring magkaroon ng nakasulat na kasunduan sa iyong employer na babayaran ang anumang oras ng pagliban mo sa trabaho (time off) para sa anumang oras ng overtime na nagtrabaho ka. Kung mayroon kang ganoong kasunduan, kailangan ng employer na bigyan ka ng isa hanggang isa’t kalahating oras ng bayad na oras ng pagliban sa trabaho kada isang oras ng overtime na nagtrabaho ka.

Pagkuha ng average ng mga sobrang oras ng trabaho at overtime

Hindi mo ito kailangang gawin, ngunit kung *pipiliin* mong gawin ito, maaari kang makipagkasundo sa iyong employer na:

- magtrabaho nang mahigit sa 8 oras kada araw (o sa bilang ng oras sa regular na araw ng trabaho mo, kung mahigit sa 8 oras ito),
- magtrabaho nang mahigit sa 48 oras kada linggo, at/o
- kunin ang average ng mga oras ng trabaho mo sa loob ng dalawa, tatlo o apat na linggo kapag nagkalkula ng bayad sa overtime.

Hindi ka maaaring magtrabaho nang mahigit sa bilang ng mga oras na nakasaad sa iyong nakasulat na kasunduan. Gayundin, hindi maaaring kunin ang average ng iyong mga oras ng trabaho mula sa higit sa apat na linggong panahon kapag kinakalkula ang iyong bayad sa overtime – pinakamataas na ang apat na linggo.

Maaari kang magkansela ng kasunduan na magtrabaho ng mga sobrang oras kada araw o kada linggo sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyong employer ng nakasulat na abiso dalawang linggo bago ang takdang petsa. Maaari ring magkansela ang iyong employer ng kasunduan sa pamamagitan ng pagbibigay sa iyo ng makatwirang abiso.

Ang mga kasunduan sa pagkuha ng average ng overtime para sa mga empleyadong hindi kinakatawan ng isang unyon ay dapat na mayroong nakatakdang petsa ng simula at petsa ng pagkawalang-bisa. Ang saklaw ng kasunduan ay hindi maaaring lumampas sa dalawang taon mula sa petsa ng simula at hindi maaaring kanselahin maliban na lang kung magkakasundo kayo ng iyong employer.

Kadalasan, kung kinakatawan ka ng isang unyon, makikipagkasundo ang iyong unyon sa employer mo sa ngalan mo.

Para sa karagdagang impormasyon o upang maghain ng paghahabol

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa ESA, tumawag sa Sentro ng Impormasyon sa Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Information Centre) ng Ministeryo ng Gawa (Ministry of Labour) sa 416-326-7160, sa 1-800-531-5551 para sa toll-free na tawag, o sa 1-866-567-8893 para sa TTY. Makakakuha ng impormasyon sa iba't ibang wika.

Makakakuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga oras ng trabaho at bayad sa overtime sa *Iyong Gabay sa Batas ng Mga Pamantayan sa Trabaho, 2000 (Your Guide to the Employment Standards Act, 2000)* na makikita sa Ontario.ca/ESAGuide. Maaari mo ring subukan ang Kagamitan para sa Mga Oras ng Trabaho at Overtime (Hours of Work and Overtime Tool) na makikita sa Ontario.ca/ESAtools. Upang maghain ng paghahabol, maaari mong i-access ang Form ng Paghahabol sa Mga Pamantayan sa Trabaho (Employment Standards Claim Form) online sa Ontario.ca/ESAforms.